# Mga Buwis

## 1 Klase ng buwis, katanungan

| Klase ng buwis | Sumangguni |
|---|---|
| espesyal na buwis ng residente/forest environmental tax<br>Buwis para sa maliit na sasakyan (batay sa uri), Espesyal na buwis para sa tabako naresidente, Buwis para sa minahan, Buwis para sa paliguan | espesyal na buwis ng residente/forest environmental tax<br>tingnan sa 2 kung may mga katanungan tungkol dito<br>Iba pa: sa Taxation Division (General Affairs and Taxes) ☎03-5744-1192 |
| Buwis para sa mga pagtatamo ng Real estate, Buwis para sa mga Sasakyan, Buwis para sa mga ari-arian, Buwis para sa pagpaplano ng syudad, atbp | Ota Metropolitan Tax Office ☎03-3733-2411 |
| Buwis para sa korporasyon ( Buwis para sa korporasyon na negosyo), Buwis para sa sariling negosyo | Shinagawa Metropolitan Tax Office<br>☎03-3774-6666 |
| Buwis para sa opisina | Minato Metropolitan Tax Office ☎03-5549-3800 |
| Buwis mula sa kita, Buwis para sa Korporasyon, buwis para sa mana, Buwis para sa regalo, Buwis para sa alak, atbp. | Omori Taxation Office ☎03-3755-2111<br>Yukigaya Taxation Office ☎03-3726-4521<br>Kamata Taxation Office ☎03-3732-5151 |

## 2 Contact information para sa espesyal na buwis ng residente / forest environmental tax

| Lugar ng residente | Tungkol sa halaga ng buwis at pagtatala | Tungkol sa pagbayad ng buwis |
|---|---|---|
| Omori, Sanno, Magome, Chuo, Ikegami, Heiwajima | Taxation Division (Omori Area)<br>☎03-5744-1194 | Tax Payment Division Omori<br>☎03-5744-1200 |
| Minemachi, Den-enchofu, Unoki, Yukigaya, Chidori, Kugahara, Senzoku, Ishikawa-cho, Naka-Ikegami, Kamiikedai | Taxation Division (Chofu Area)<br>☎03-5744-1195 | Tax Payment Division Chofu<br>☎03-5744-1201 |
| Kamata, Kojiya, Haneda, Haginaka, Rokugo, Yaguchi,Shimo-Maruko, Tamagawa | Taxation Division (Kamata Area)<br>☎03-5744-1196 | Tax Payment Division Kamata<br>☎03-5744-1202 |
| Sa labas ng Ota City | | Sa labas ng sakop na lugar ng Tax Payment Division<br>☎03-5744-1203 |

## 3 Buwis para sa mga residente

Ang buwis para sa mga residente ay inaatang sa mga residente ng syudad para mapamahalaan ang mga gastos at serbisyo ng isang lungsod. Kasama na dito ang espesyal na buwis ng mga residente at buwis ng mga residente sa punong lungsod ng Tokyo, ito ay nakukuwenta ayon sa kita ng mga residente sa naunang taon mula Enero hanggang Disyembre. Ang buwis ay inaatang sa buwan ng Hunyo kung nakatira na sa lungsod ng Ota mula Enero 1 at ang kanilang kita sa naunang taon ng paninirahan. Gayundin, sisingilin ng buwis ng forest environmental tax kasama ng buwis ng residente mula piskal na taong 2024. (Ang mga residente na umalis sa Ota ay kinakailangan din magbayad ng buwis sa munisipyo na kanilang nilipatang tirahan mula Enero 1 sa taong iyon) Kasama na din dito ang mga taong hindi nakatira sa lugar ngunit may mga itinatag na negosyo, opisina o mga nagmamay-ari ng mga establisimiento sa Ota City. Kontakin ang Taxation Division para sa detalye.

### (1) Ulat ng Buwis

Kailangan mong magbigay ng ulat ng iyong natanggap na kita mula Pebrero 16 ng naunang taon hanggang Marso 15 (taon-taon). Kailangan din magbigay ng ulat kahit na walang kita. Gayunpaman, hindi ito kinakailangan para sa mga taong nagbigay ng kanilang huling buwis o sa mga taong tumatanggap ng sahod at ang kanilang employers ang siyang nagbibigay ng ulat sa Ota City Office.

8

### (2) Pagkalibre ng sahod sa buwis

Pagkalibre ng sahod sa buwis ay kukunin galing sa halaga ng iyong sahod para makuwenta ang bigat ng buwis basi sa mga kondisyon ng bawat nagbabayad nito para malaman ang kailangang buwis na babayaran. Mayroong exemption para sa may kapansanan, may medikal na bayarin, nag-iisang magulang, biyudo, nagbabayad ng social insurance, dependent atbp.

### (3) Paraan ng pagbayad ng buwis ng residente / forest environmental tax

Mayroong dalawang paraan ng pagbabayad ng buwis:

#### ① Espesyal na koleksyon galing sa sahod

Kung ikaw ay isang empleyadong pinapasahod ng isang kumpanya, magbabase ang opisina ng buwis ng Lungsod ng Ota sa ipapasang ulat ng kita ng iyong kompanya. Ibabawas na ito ng iyong employer mula sa iyong buwanang kita at sila na ang bahalang magbayad nito para sa iyo. (May ibang sitwasyon ang mismong empleyado na ang nagbabayad ng kanilang buwis)

#### ② Regular na koleksyon

Para sa mga taong hindi nagmumula ang kita o sahod sa isang kompanya, katulad ng self-employed na mga tao, kailangan mong kusang magbayad ng buwis ng apat na beses na hulugan (Hunyo, Agosto, Oktubre at Enero ng susunod na taon) gamit ang abiso at pahayag ng iyong buwis na magmumula sa kagawaran ng buwis tuwing Hunyo taon-taon

Ang lugar para sa pagbabayad ay ang City Office, Tax Payment Division, Branch Offices(P.17), banko (kasama ang Japan Post Bank), credit banks/banko ng unyon, tanggapan ng koreo at convenience stores at mga tindahan na may MMK (kailangan ng barcodes ang mga slip sa pagbabayad)

Bilang karagdagan, maaaring gumamit ng account transfer ng isang pinansyal na institusyon para sa buwis ng residente/forest environmental tax.

Sa Mobile Cashier naman, mababayaran ito sa Smartphone lang, kahit hindi kailangang pumunta sa pumunta sa pinansyal na instityusyon o Convenience store. Pakisuyong magtanong sa Tax Payment Division tungol sa detalye nito.

### (4) Pamamaraan bago ka umalis ng bansang Japan

Kung ikaw ay pinagbabayad ng buwis dahil ikaw ay naninirahan sa bansang Japan at nais mo nang umalis ng bansa bago pa makatanggap ng abiso ng iyong buwis, kinakailangan mo lamang humanap na isang tao na magbabayad ng buwis para sa iyo, o maari ka din naman magbayad bago ka pa umalis ng bansa (magbayad ng maaga) Kung ikaw naman ay aalis ng bansa matapos makatanggap ng abiso ng buwis, kailangan mo lamang din na humanap ng isang taong magbabayad para sa iyo o maari mo nang bayaran ang pangkalahatang buwis bago ka umalis ng bansa.

### (5) Konsultasyon para sa pagbabayad ng buwis

Kung ikaw ay nahihirapan sa pagbayad ng buwis maari lang komunsulta sa Ota City Office Tax Payment Division. Huwag pabayaang hindi bayaran dahil ito ay mag resulta sa pagkaantala ng bayarin na pwedeng mag resulta ng pagdakip/pagsamsam.




## 4 Buwis para sa maliliit na sasakyan

**[Sumangguni sa] Taxation Division (General Affairs and Taxes)**
**☎ 03-5744-1192**

Ang buwis para sa malilit na sasakyan ay binibigay para sa mga taong nagmamayari ng mallit na sasakyan o motorsiklo mula April 1, taon-taon. Kahit na hindi mo na ginagamit o naglipat ka ng maliliit na sasakyan o motorsiklo sa araw mismo o pagkatapos ng April 2, kailangan mo pa din magbayad ng buwis (batay sa uri)para sa bagong taon ng piskal hanggat ikaw ang nagmamay-ari ng sasakyan mula sa ika-unang araw ng April. Pakisuyong magtanong sa Taxation Division (General Affairs and Taxes) tungkol sa detalye nito.

### (1) Lugar paalaman para sa pagtapon at pag rehistro ng maliliit na sasakyan

Kung ikaw ay nagtapon, naglipat o nagbenta ng iyong sasakyan/motorsiklo o umalis sa Lungsod ng Ota, kailangan mong ipagbigay-alam sa opisina ng lungsod sa loob lamang ng 30 araw. Tandaan na kapag hindi mo ito nagawang ipagbigayalam ay maaring magkaroon ng malaking abala sa iyo gaya ng pagtanggap ng abiso ng buwis para sa sasakyan na hindi mo na pag mamay-ari.

| Uri ng maliliit ng sasakyan | Lugar paalamanan |
|---|---|
| Maliliit na motorsiklo na may 125cc na makina o mas mababa pa.<br>Espesyal na maliliit na sasakyan (forklifts, sasakyang pang agrikultura, atbp.)  | Taxation Division (General Affairs and Taxes)<br>☎03-5744-1192<br>(Mga Branch Offices(P.17) na opisina ay pwede din sumagot sa mga katanungan tungkol sa pagtapon ng mga sasakyan) |
| Motorsiklo na may makina na mas hihigit pa sa 125cc, maliliit na sasakyan na may dalawang gulong, maliit na sasakyang otomatiko na may dalawang gulong.  | Registration Department, Tokyo Transport BranchOffice<br>☎050-5540-2030 |
| Malilit na sasakyan na may apat na gulong at may makina na 660cc o mas mababa pa.  | Keijidosha Kensa Kyokai, Tokyo Head Office, Light Motor Vehicle Inspection Organization<br>☎050-3816-3100 |

※Para sa iba pang impormasyon para sa mga regular na sasakyan na may makina na hihigit pa sa 660cc, maari lamang tawagan ang Metropolitan Tax Office ☎03-3733-2411

### (2) Pagbayad ng buwis p para sa maliliit na sasakyan (batay sa uri)

Ang abiso ng buwis para sa maliliit na sasakyan (batay sa uri) ay ipapadala sa iyo tuwing kalagitnaan ng buwan ng Mayo. Magbayad sa itinakdang petsa sa pinakamalapit na lokasyon na maari mong puntahan gaya ng banko, Japan Post Bank, City Office, Branch Offices(P.17), convenience stores at mga tindahan na may MMK hanggang sa deadline ng pagbabayad. Maari mo rin gawin ang pagbayad gamit ang debit at Mobile Reji.

## 5 Sertipiko ng buwis

### [Sumangguni sa] Taxation Division (General Affairs and Taxes) ☎03-5744-1192

### (1) Mga Sertipiko ng buwis na bigay ng syudad

| Uri ng buwis | Uri ng Sertipiko | Pangunahing aplikasyon |
|---|---|---|
| Buwis ng residente Forest environ-mental tax | May buwis (walang buwis) na sertipiko | Gamit sa pagpatunay ng kita |
| | Sertipiko ng pagbayad ng buwis | Gamit sa pagpatunay ng katayuan sa pagbayad ng buwis |
| Buwis sa maliliit na sasakyan (Batay sa uri) | Sertipiko sa pagbayad ng buwis (para sa pagpapatuloy ng pagsisiyasat, pangkalahatan) | Para sa pagpapatuloy ng pagsisiyasat: Gamit kapag tumatanggap ng tuloy-tuloy na inspeksyon (inspeksyon ng sasakyan) sa light vehicle<br>Pangkalahatan: Gamit sa pagbenta /pagbili o paglipat ng may-ari |

### (2) Ano ang dapat dalhin

Kapag ginawa ng personal:  Pag dokumento ng kompirmasyon ng pagkakilanlan (licensya ng pagmamaneho o sertipiko ng pangkalusugan na insyurans, atbp.)

Kapag ginawa ng kinatawan: Sulat ng pahintulot, dokumentong nagapapatunay ng pagkakilanlan ng proxy (lisensya ng pagmamaneho o sertipiko ng pangkalusugan na insyurans,atbp.) Sulat ng pahintulot ay kailangan kahit na ito ay miyembro ng pamilya.

★Mangyari lamang na i-download ang proxy letter mula sa website ng Ota City at isulat dito ang mga kinakailangang detalye, o kaya ay isulat ang mga sumusunod na detalye sa writing paper atbp.

- Titulo: “Proxy Letter”
- Patutunguhan: “(Patutunguhan) Mayor ng Ota City”
- Petsa: “(taon)/(buwan)/(araw)”
- Mga detalye tungkol sa aplikante: “Aplikante: Address, pangalan, petsa ng kapanganakan”, Tatakan ng selyo sa dulo ng pangalan. (Paalala: Siguraduin na ang aplikante mismo ang magsusulat ng sariling pangalan.)
- Paliwanag ng bagay na ipagkakatiwala: “Ipinagkakatiwala ko sa taong nakasulat sa ibaba ang aplikasyon ng pag-isyu at pagtanggap ng (Taxation/Tax Payment) Certificate para sa fiscal year.”
- Mga detalye tungkol sa proxy: “Proxy: Address, pangalan, petsa ng kapanganakan”

## 6 Iba pang mga buwis

### (1) Buwis mula sa kita

Ang buwis mula sa kita ay ibinibigay sa mga indibidwal na tao na ang kita ay nagmumula sa negosyo, sweldo, at bonus na binibigay ng isang kompanya. Ito ay binabase ayon sa sistema sa pagtatasa ng isang indibidwal na kung saan ang buwis ay depende sa klase ng negisyo na meron ka, sa pamamagitan ng paghahain ng tax return sa opisina ng buwis na may kumbinasyon sa sistema ng withholding tax na ibinabawas sa sweldo, at ipapasa ng iyong kumpanya  para sayo.

### (2) Buwis mula sa pagkunsumo (consumption tax)

Ito ay buwis na pinapataw sa mga nabiling bagay o serbisyo. Kasama sa buwis na ito ang mga presyo sa mga pamilihan at iba pang sangay na nagbibigay serbisyo.

### (3) Buwis para sa mga  ari-arian (property tax)

Ang buwis na ito ay pinapataw sa mga taong nagmamay-ari ng lupa, pabahay at  mga ibang bagay na bumababa ang halaga. (mga nasalat na bagay na ginamit sa negosyo maliban sa lupa at pabahay) mula sa ika-unang araw ng buwan ng January taon-taon. Ang buwis para sa mga ari-arian ay natutukoy base sa halaga ng isang ari-arian.

### (4) Buwis para sa mga pagtatamo ng Real estate (real estate acquisition tax)

Ang buwis na ito ay pinapataw kapag ikaw ay bumili ng mga real estate gaya ng lupa at pabahay na ari-arian o kapag ikaw ay nagtayo ng mga pabahay na gusali.

### (5) Buwis para sa kasunduan (tax treaty)

Ang buwis na ito ay napagpasyahan upang maiwasan ang dobleng pagbibigay ng buwis at mga pagiwas sa pagbabayad ng buwis, at kung anu-ano pa. Sa ilalim ng kasunduan na ito, maari kang makalibre mula sa buwis mula sa kita at buwis ng mga residente kung ikaw ay makakapagbigay ng mga papeles na kinakailangan. Kailangan mong magpasa ng mga nasasabing papeles upang makalibre sa buwis.